

PROLOGUE

“Mommy?”

Nilapitan ng sampung taong gulang na si Meriel ang ina. Tumuwid ito sa pagkakayukyok sa mesa at mabilis na pinunasan ng palad ang basang pisngi. Madalas niya itong mahuling umiiyak, mula nang iwan sila ng kanyang ama ilang linggo na ang nakakaraan.

“Ano’ng kailangan mo, Baby?”

Sinugod niya ito ng mahigpit na yakap. “Huwag ka nang umiyak. Nandito naman ako.”

Sukat sa kanyang sinabi ay yumugyog na naman ang mga balikat nito.

“Alam ko, Anak.”

Pahapyaw lang niyang narinig sa mga magulang ang dahilan ng pag-alis ng kanyang ama. May nakilala itong isang babae na mas mahal nito kaysa kanila. Her father was not her mother’s Mr. Right.

Later that night, inside her small room, she made a letter.

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

Dear Mr. Right...

Inabot siya ng kalahating oras at sampung piraso ng typewriting paper para maisulat nang maayos ang gustong sabihin. Pagkatapos ay kinuha niya ang kanyang jewelry box na yari sa lata at may maliit na padlock. Isinilid niya roon ang sulat at saka ini-lock. Bumaba siya at lumabas sa likod-bahay. Gamit ang trowel ay naghukay siya sa lupa at doon ibinaon ang kanyang sulat.

Sumambit siya ng isang simpleng dasal pagkatapos, na sana pagdating ng tamang oras, matagpuan ng kanyang Mr. Right ang sulat niya. At sana nga'y hanapin siya nito upang di siya masaknan at umiyak gaya ng kanyang ina.

1

It should have been her wedding day. Pero heto't binabagtas ni Meriel ang kahabaan ng *North Luzon Expressway* sakay ng kanyang asul na *Hyundai i10*, suot pa rin ang kanyang corset style wedding gown. Alas cuatro dapat ang kasal nila ni William sa *Barasoain Church* sa Malolos, Bulacan. Alas cuatro y media nang malaman niyang hindi na ito darating dahil nasa Hong Kong na ito kasama ang stepsister niya.

Ex-stepsister! She sneered.

Kahit kailan, kontrabida talaga sa buhay niya si Greta. Matagal na siyang nakakarinig ng balitang may namamagitan dito at sa boyfriend niya. But she trusted William enough to ignore the suspicion gnawing at her. She should've trusted her instincts better.

Mahigit isang oras na niyang binabaybay ang *NLEX* at hindi pa rin alam ng dalaga kung saan pupunta. She took the next exit hanggang sa marating niya ang *SCTEX*. Medyo tanda na niya ang lugar na ito. Minsan na silang nagpunta rito ng mga kaibigan niya. Papunta siya sa *Subic Freeport Zone*. Kumanan

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

siya sa *Rizal Highway* at kumaliwa sa *Manila Avenue*. Lumiko siya pakanan paglabas sa *Waterfront Road*, at sa dulo, sa bandang kaliwa ay ang resort na minsan na niyang napuntahan. The three-storey structure capped by a lighthouse is the perfect haven of retreat. Tamang-tama sa mood niya.

Ipinarada niya ang kotse saka bumaba. She scowled and ignored the curious stares of the other guests. Wala siyang pakialam kung naka-wedding dress pa rin siya. Hindi naman niya planong magtagal dito. Gusto lang niyang magpakalunod sa alak ngayong gabi, sa isang lugar na walang nakakakilala sa kanya.

Gathering the hem of her gown, she walked not so elegantly toward the open bar. Naialis na niya ang kanyang veil kanina sa simbahan. She must've look like a disheveled mess. But she couldn't care less.

Pasado alas seis na ng hapon at iilan pa lang ang tao sa loob ng bar. Hindi na niya iginalala ang tingin sa paligid. Dumerecho siya sa bar counter, umupo sa isang high stool at um-order ng margarita. Mabilis niyang naubos ang laman ng cocktail glass. Um-order pa siya ng isa.

Nasa kalahatian na siya ng ikaapat na baso nang may lumapit sa kanya.

“Wanna dance?”

Noon lang napansin ni Meriel na halos puno na ng parokyano ang loob ng bar. Umuugong ang tainga niya sa lakas ng tugtog.

Lazily, she stared at the man in front of her. He wasn't bad-looking and he smelled good.

What the heck! She had been jilted by her fiancé on their wedding day. Bakit niya pipigilan ang sariling mag-enjoy?

“Well?” ulit ng estranghero.

She pasted a seductive smile on her lips and offered him her hand. Lumapad ang pagkakangisi nito.

Bahagya siyang napasubsob sa dibdib nito nang lumapat ang mga paa niya sa tiled floor.

“Sorry,” she giggled. She couldn't control it. Parang nililipad ang utak niya. At sumasayaw na rin ang paligid niya di pa man kumikilos ang kanyang mga paa.

“Are you okay?” tanong nito.

“Never felt better.” Bumungisngis na naman siya.

Dinala siya ng lalaki sa gitna ng dance floor.

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

She started to dance wildly, raising her arms in the air and shaking her hips. Sa una ay nakapatong lang ang dalawang palad ng kasayaw sa baywang niya. Kalauna'y humahagod na iyon sa likod niya. Ikinikiskis na rin nito ang crotch sa puson niya.

Kung hindi siya lasing, maaalarma siya. Pero nang oras na iyon ay tinakasan na siya ng matinong pag-iisip. She felt like floating and she was enjoying it. Kung aware man siya na hinahalikan na ng lalaki ang exposed niyang balikat at humahaplos na rin ang isang palad nito sa kanyang dibdib, wala lang siyang pakialam.

Giles sat on a dimly lit corner table watching the pair. Humigpit ang hawak niya sa baso ng brandy nang makita ang mala-sawang pagyakap ng lalaki sa dalagang kasayaw. Naghihintay lang siyang magwala ang babae, pero mukhang wala na ito sa wisyo dala ng kalasingan.

Nasa loob na siya ng bar nang pumasok ito... a curvaceous, raven-haired beauty with a saucy air. She looked pissed and he could guess why from the wedding gown she wore. Whoever the guy was, he's a fool to let this one go. He kept staring at her, observing from his distance. Wala siyang balak lapitan

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

ito kahit pa nakakapagpainit ng katawan ang maliit nitong baywang at mayamang dibdib. The way her lips closed in on the straw of the margarita made his throat dry. The way her slender fingers curved at the base of her glass made his jeans tighter than they were before. Lascivious thoughts invaded his mind even before he could control it. His body reacted to images of her mouth sucking and fingers curling around his...

Inisang tungga niya ang natitirang brandy sa baso. Napangiwi siya sa gumuhit na init sa kanyang lalamunan. Ipinilig niya ang ulo at pilit binura ang nakatutuksong imahe ng babae sa kanyang isip. Ibinalik niya ang pansin sa dalawa.

Nasa dance floor pa rin ang mga ito. At gusto niyang magwala dahil halatang pinagsasamantalahan na ito ng lalaking kasayaw. Nakasandal ang likod ng dalaga sa dibdib ng lalaki. She was swaying her hips sensuously as her hands roamed over her body like a lover's touch. Ilang ulit siyang lumunok para ibsan ang panunuyo ng lalamunan. Nang tangkain ng lalaking hawakan ang dibdib nito, bigla itong humarap at itinulak ang kasayaw.

Good girl! Napangiti siya.

Giggling and with uneasy steps, she went back

to the bar, to her half-empty glass of margarita. Nang maubos ay sinenyasan nito ang bartender para sa isa pang baso. Pinigil ito ng lalaking katabi. Sa halip, ito ang um-order ng inumin para sa dalaga. Nang maglabas ang bartender ng dalawang shot glass, isang salt shaker at isang platito ng sliced lime, alam na niya kung anong alak ang in-order ng lalaki.

The dumb ass wanted her drunk!

Not if I can help it.

He stood up, shifted his feet to lessen the tension between his thighs and approached the pair. Tinuturuan ng lalaki ang babaeng katabi kung paano uminom ng tequila. Nadilaan na ng huli ang asin sa likod ng palad at tutunggain na lang ang laman ng shot glass nang pigilan niya.

“That’s enough, Honey. You’re drunk.” Malumanay ang tinig niya. Smokey eyes stared at him in awe. Her moist, parted lips were the color of strawberries. Her creamy white skin was flushed and warm. The small, straight nose complimented the heart-shaped face and high cheekbones. The pretty face was supported by a slender, smooth neck adorned only by a thin, gold chain with a heart-shaped pendant. Bumaba pa sa bodice ng suot nitong gown ang paningin niya. His hands itched to slip inside and touch the generous

flesh. Burning heat coursed through him, making him speechless for a moment. Kaya naman pala interesado rito ang lalaki. She's a real beauty.

“Sino ka ba? Bakit nakikialam ka?” came the arrogant question from the man.

The woman giggled and reiterated the question, the alcohol obviously taking its effect. Namimigat na ang talukap ng mga mata nito. At panay ang paypay nito ng isang palad sa mukha na parang init na init gayung malakas ang air-con sa loob ng bar. Kung hindi pa niya ito iaalis dito, baka maisipan nitong maghubad sa harap ng maraming tao.

That would be a sight, he grinned.

“Sino ka sabi?” ulit ng lalaki.

Naningkit ang mga mata ni Giles at nagpigil lang siyang suntukin ito. Higit siyang mataas kaysa rito, pero mas malaki ang katawan nito sa kanya. Hindi man lang siya naalarma.

“I'm her friend. Tinawagan niya ako kanina.” Niyuko niya ang dalaga at masuyong hinaplos ang pisngi nito.

Darn! She's so soft!

“I'm disappointed you started your fun without

me, Honey,” he grinned seductively. Nanlaki ang mga mata nito at malakas itong napasinghap. At sa sandaling pagtatama ng kanilang mga mata, may pakiramdam siyang na-penetrated ng sinabi niya ang nag-uulap na nitong isip.

Bigla itong hinila ng lalaking katabi.

“Hindi ako tanga para maniwala sa iyo. Finders keepers, Pare. Humanap ka ng ibang puwede mong paglaruan. Nauna ako dito.”

Nagpanting ang tainga niya sa narinig. Tama pala ang hinala niya na may balak itong hindi maganda sa dalaga.

“Let me go!” Nagpumiglas ang estranghera. Nang mapilitan ang lalaking bitiwang ito’y bigla itong yumakap sa baywang niya. “Ayoko sa iyo,” anito sa mabuwang na tinig ng isang lasing.

Pasimpleng iniharang niya ang sariling katawan sa babae dahil napansin niyang kumuyom ang dalawang kamao ng kaharap niya. He widened his stance, his eyes and his body alert. Galit na ang lalaking kaharap niya pero bago pa nito maiangat ang isang kamao ay dalawang lalaki ang lumapit sa kanila, animo mga wrestlers ang hitsura ng mga ito.

“May problema ba, Sir Giles?” tanong ng isa.

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

Kaagad pumagitna ang kasama nito.

“Wala naman. Kailangan lang nitong kaibigan ko ng escort palabas.” Ininguso niya ang lalaki na biglang tumiklop nang makita ang posibleng makalaban. Gusto niyang bumunghalit ng tawa nang animo maamong aso itong sumunod sa dalawa. Wala itong laban sa dalawang tauhan ni Mick, pinsan niya at may-ari ng bar at ng hotel. And even if they hadn’t come, he could handle the man himself. Anong silbi ng pagiging black belter niya sa karate kung hindi niya magagamit?

Nilingon niya ang dalaga na halos nakahiga na sa counter.

“Let’s go, Honey.”

She murmured something unintelligible.

Inalalayan niya ito. Nakasandal ang buong bigat nito sa katawan niya. Lumabas sila ng bar at dumerecho sa elevator. Binuhat na niya ito pagdating nila sa top floor. Ipinaikot nito ang dalawang braso sa leeg niya at inihilig ang ulo sa kanyang balikat.

“Hmm... you smell good.” Idinikit pa nito ang ilong sa leeg niya at suminghot. He tensed and tightened his embrace.

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

Ipinasok niya ito sa inookupa niyang kuwarto at maingat na inihiga sa kama.

“It’s hot!” reklamo nito. Umupo ito at pilit inaalis ang tali ng corset. Ilang ulit itong nagmura nang hindi makalas ang tali.

“Need any help?”

The woman just giggled. Inikot nito ang katawan para iharap sa kanya ang likod. Isa-isa niyang inalis ang pagkakatali ng gown. The upper portion fell, exposing her smooth back. Wala itong suot na bra.

Nahigit ng binata ang hininga nang muli itong humarap. Her ample bosom swayed with her every movement. She wavered when she stood up and he had to hold her as she shimmied out of her gown. Nahiga ito pagkatapos, nakatihaya sa kama habang ang dalawang kamay ay nakataas sa ibabaw ng ulo. Sprawled on his bed, her breasts totally exposed, the twin peaks hardened in invitation, dressed only in a lace thong and sheer garter stockings, she looked like a nymph out to steal his breath. At nahihirapan na nga siyang huminga. His only thoughts were to crush her lips, satisfy his hands with the weight of her breasts and to bury his whole, hard length inside her.

Umungol ito at nagpabiling-biling sa ibabaw ng

kama.

Minsan pang bumangon ang babae para alisin ang garter stockings. If he hadn't seen her drink four glasses of margarita, he'd think she was just acting and was really seducing him.

“Let me,” he drawled. Umupo siya sa gilid ng kama at ipinatong ang isang binti nito sa hita niya. He held his breath as his finger hooked inside the narrow band about her leg. Habang ibinababa niya ang stocking, gusto niyang mainggit sa fabric. He would love to cling to her legs, to revel in their smooth length, their feminine shape. He would love to burrow his face between her thighs, to taste her very essence.

“You're killing me,” bulong niya sa hindi na kumikilos na dalaga. Napangiti siya nang makitang tulog na ito. Inayos niya ang pagkakahiga nito sa kama at kinumutan. He took another deep breath and one last look at her.

Pumasok siya sa banyo pagkatapos. His member throbbed painfully when he stepped under the shower. As aroused as he was, he had no intention of taking advantage of her situation. Hindi niya ito iniligtas para lang gamitin sa sarili niyang kasiyahan.

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

He groaned hard. Sometimes, nobility has its price. For Giles, it's the longest cold shower in all of his adult life.

2

Animo tinatambol ang sentido ni Meriel nang magising kinabukasan. Sapo ang ulong bumangon siya. Muntik na siyang mapatili nang matuklasang maliban sa suot na thong ay hubad siya. She looked around, expecting some stranger to pounce at her and kiss her. Kinakabahang kinipit niya ang kumot sa dibdib at umusod sa isang sulok ng kama yakap ang dalawang tuhod. How far had she gone last night?

Ang natatandaan niya ay pumasok siya sa bar at um-order ng margarita. And then someone asked her to dance. She couldn't remember his face, just his hands groping at her body where they shouldn't. She tried to avoid him. Mabuti na lamang at dumating...

Siya!

A face, so vivid it's as if she was staring at him now appeared in her memory. Strong, chiseled jaws shadowed by day-old stubbles; deep, brown eyes and long, thick eyelashes; a slightly crooked nose and full lips curved into a sexy grin...

Her hands clenched and unclenched, itching to feel the ripple of hard muscles and warm skin.

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

Oh, God! Did he make love to her? Did she allow him? Pinakiramdaman niya ang sarili. Bukod sa kanyang ulo, wala nang ibang parte pa ng kanyang katawan ang masakit, lalo na iyong pagitan ng kanyang mga hita. Still, she wanted to be sure. Tumayo siya at hinawi ang bedsheet. Eksaherado ang pag-exhale niya nang walang makitang mantsa sa kutson. Nanghihinang umupo siya muli sa gilid ng kama.

Kung hindi siya ginalaw ng lalaki, bakit siya nakahubad? At anong garantya na hindi siya hinawakan nito? Her body shivered, not from disgust but from an inexplicable tingly sensation.

Naisubsob niya ang mukha sa dalawang palad. Ano ba ang ginawa nito sa kanya at naging ganoon siya ka-wanton? Parang nanghihinayang pa siyang walang nangyari sa kanila.

I have to get out of here!

Hinanap niya ang wedding gown. Maayos iyong nakatupi at nakapatong sa mesa kasama ang kanyang garter stockings at maliit na purse na pinaglagyan niya ng susi ng kotse. Sa tabi ay may isang paper bag. May laman iyong isang t-shirt, isang pares ng jeans na size 25, isang silk bikini panty at isang lace bra. Pulos may tags pa ang mga ito.

“34C.”

Bakit alam nito ang bra size niya?

Pakiramdam ng dalaga ay parang sinisilaban ang buo niyang katawan. Kahit nag-iisa lang siya sa silid, nakaramdam pa rin siya ng matinding hiya. Whoever this man was, he'd seen her.

Bitbit ang paper bag, pumasok siya sa loob ng banyo at mabilisang naligo. Isinilid niya ang wedding gown sa paper bag at bitbit ang kanyang purse ay bumaba na siya sa lobby. Isang libo lang ang cash na dala niya. Duda siyang sasapat iyon para ipambayad sa hotel room at sa bar. Good thing nailagay niya sa purse ang kanyang credit card. Naiwan niya kasi ang bag niya sa kanyang mommy. Naroon ang kanyang wallet.

Dumaan siya sa reception desk.

“E-excuse me,” aniya sa receptionist na kaagad ngumiti. “G-gusto ko sanang i-settle ’yung bill sa room 306.”

Bahagyang tumaas ang isang kilay nito, bagay na pinagtakhan niya.

“Okay na po, Ma’am. Fully paid na po ang bill,” anito na hindi man lang tiningnan ang record sa

computer. Gusto sana niyang itanong kung sino ang nagbayad, pero naunahan siya ng hiya.

Matapos magpasalamat sa receptionist ay tinungo naman niya ang bar. Naroon ang bartender na nag-serve sa kanya.

Malapad ang naging ngiti nito nang makilala siya.

“H-hi!”

“Good morning po, Ma’am.”

“Uhm... ano kasi... nakalimutan kong bayaran ’yung ininom ko kagabi.”

“Naku, okay na po.” Somehow, she wasn’t surprised. “Sinagot na po ni Sir Giles.”

“G-Giles?” So, iyon pala ang pangalan ng lalaking nakasama niya nang nakaraang gabi.

“Pinsan po niya si Sir Mick, ’yung may-ari nitong bar at pati na rin ang buong hotel.”

“P-p’wede ko ba siyang makausap? Gusto ko lang magpasalamat.”

Nagkamot ito ng ulo. “Eh, Ma’am, wala na po siya dito. Ang alam ko po, bumalik na siya sa Manila kanina. Pasulpot-sulpot lang naman po siya dito.

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

Si Sir Mick lang din ang nakakaalam kung saan sa Manila siya nakatira.”

“N-nariyan ba ang Sir Mick mo?”

Umiling ito. “Nasa La Union po siya ngayon. Sa makalawa pa po ang balik niya dito.”

“Ganoon ba? Sige, maraming salamat.”

“Ingat po kayo, Ma’am.”

Nginitian niya ang bartender.

Paglabas ay hinanap kaagad ni Meriel ang kanyang kotse. May panghihinayang siyang naramdaman habang papalayo siya sa hotel.

Pagkatapos ng mahigit dalawang oras ay nasa Manila na siya. Ilang minuto pa’y nasa tapat na siya ng apartment niya sa Frisco. Pagkapasok niya sa apartment ay tinawagan niya ang ina. Nakadalawampung missed calls at halos fifty messages ito sa cellphone niya.

“Mommy, don’t worry. I’m okay.”

Hindi pa rin niya ito mapakalma. Napabuntong-hininga siya. Ngayon lang pumasok sa isip niya ang kapangahasang ginawa, kung paano niyang pinagalala ang mga mahal sa buhay. Kung nagkataong may

sakit sa puso ang mommy niya, baka inatake na ito nang bigla na lang siyang umalis ng simbahan.

“I’m sorry, Ma, kung pinag-alala ko kayo. I just... I needed some time alone.”

“Sa uulitin, sagutin mo naman ang tawag ko. And, Meriel, if you need someone to talk to, alam mong bukas ang mga palad ko para sa iyo, Hija.”

Nangilid ang luha sa kanyang mga mata. Sa isip ay paulit-ulit niyang minura si William.

“Kung alam ko lang na gagawin sa iyo ’yun ni Greta...”

“Mommy, huwag ninyong sisihin ang sarili ninyo. Wala kayong kasalanan.” *Ako ang nagpauto sa dalawa.*

“Basta, dalawin mo ako kahit anong araw. I want to see that you’re really okay.”

“Sige po. Pupuntahan ko kayo sa weekend. Sige na po, hahabol pa ako sa coffee shop.”

Matapos makausap ang ina ay pumasok siya sa kusina at nagtimpla ng juice. Kumuha rin siya ng isang tablet ng mefenamic acid sa medicine cabinet. Pagod siya pero ayaw niyang magpahinga. Ayaw niyang mag-isa rito sa apartment. Ayaw niyang mag-isip.

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

Nang maubos ang juice ay hinugasan niya ang ginamit na baso. Pumasok siya sa kuwarto para magpalit, pero nagbago ang isip niya. She liked the soft fabric of the shirt and the fit of her new jeans. Kahit ang lace bra at ang silk panty na suot niya ay komportable rin sa pakiramdam.

A crimson blush heated her cheeks. Tinapik-tapik niya ang mga pisngi. Nagpalit lang siya ng sapatos at pagkatapos ay lumabas na ng bahay.

Wala pang sampung minuto ay ipinaparada na niya ang sasakyan sa parking lot ng *The Merry Blend Coffee Shop and Pastry House*.

“Boss Meriel?” nagtataakang tanong ng assistant at kaibigan niyang si Diane. Nagulat din si Kiko, ang binatilyong katulong nila sa shop.

“Not a word, Diane,” asik niya. Derecho siyang nagtungo sa kanyang opisina. Paglabas niya ay suot na niya ang chef’s uniform. Ilang sandali pa’y nagmamasa na siya ng arina sa loob ng kitchen.

“So, you want me to believe that you brought a pretty girl inside your room and you did not even kiss her?”

Natatawang sinulyapan ni Giles ang kaibigang si Francis. Patungo sila sa ginagawang gusali sa kanto ng Quezon Avenue at EDSA. Ang *Esperon Builders, Inc.* ang contractor ng nasabing ten-storey building.

“Ano naman ang nagkapagtataka doon? She’s drunk. And you know I don’t take advantage of drunken women.”

The image of the girl, lying half-naked on his bed excited him. She was peacefully sleeping when he left. Kung hindi nga lang kailangan siya sa opisina nang maaga, hihintayin niya itong magising.

“Pero maganda ba?”

Tumango siya.

“At hindi ka man lang na-tempt? Bago ’yan, ha! Akalain mong matino ka pa rin pala?” biro ni Francis. Hindi kaila rito ang pagiging playboy niya. Alam nito ang mga kalokohan niya sa babae. Alam din nitong hindi siya naniniwala sa true love at wala siyang balak lumagay sa tahimik.

“I didn’t say I wasn’t tempted. The girl’s beautiful. Pero hindi talaga maatim ng konsyensya ko ang mag-take advantage sa kanya.”

“So, paano ’yan? Kilala mo ba siya? Alam mo

kung taga-saan siya?”

May panghihinayang siyang umiling. Hindi na niya sinabi sa kaibigan na alam niya ang pangalan nito. Nakita niya ang credit card ng dalaga sa maliit na purse na nasa bulsa ng suot nitong gown.

“Too bad!” kulang sa simpatyang bulalalas nito. Natawa na lamang siya.

Pagdating sa construction site ay pansamantalang nawala sa isip ni Giles ang babae. Hindi naman kalakihan ang project at nasa fifty percent na ang natatapos. Matapos kausapin ang foreman ay pumasok na siya sa makeshift office. Naiwan sa labas si Francis dahil ininspeksyon pa nito ang bagong dating na materyales na gagamitin sa flooring ng bawat palapag. Isang architect ang kaibigan niya samantalang isang civil engineer naman siya.

Kaga-graduate lang niya sa college nang maaksidente at mamatay ang kanyang ama. Naiwan ang pamamahala ng kanilang construction business sa kanyang Ninong Aldo. Nang tingin nito ay kaya na niyang pamahalaan ang kompanya ay tuluyan na iyong ipinasa sa kanya. Kinuha niya ang kaibigan bilang kasosyo.

Nakaramdam ng gutom si Giles habang

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

pinapasadahan ang ilang papeles. Hindi pa nga pala siya nag-aalmusal. Kinuha niya ang cellphone at um-order ng pagkain sa isang malapit na fastfood restaurant. Nang dumating na ang service crew dala ang kanyang order, kinuha niya ang wallet. Isang nakatuping papel ang nalaglag sa paghugot niya ng pera. Dinampot niya iyong muli nang makaalis ang service crew.

Napangiti siya nang makilala ang naninilaw nang papel. Limang taon na rin iyong nakasilid sa wallet niya. Hindi nga niya maintindihan kung bakit hanggang ngayon ay hindi pa rin niya iyon maitapon.

It was a love letter, written by a ten-year-old girl fifteen years ago. Natagpuan ng isang tauhan niya ang isang nakasusing tin box na nakabaon sa isang residential area na ni-renovate nila at ginawang park sa Kawit, Cavite. Dinala iyon sa kanya ng lalaki. He got curious and opened the tin box at doon nga niya nakita ang sulat. Nang mabasa ang nilalaman niyon ay hindi na niya iyon nagawang itapon. Kahit ang tin box ay alam niyang nasa kanya pa, somewhere inside his apartment.

Binuklat niya ang papel. Nakangiting binasa niya uli ang mga salitang minsan nang nagbigay ng isang di-maipaliwanag na saya sa kanyang puso.

Dear Mr. Right,

Ako si Meriel. Ten years old pa lang ako ngayon. Kung binabasa mo ito, gusto kong malaman mo na hinihintay kita.

Oo, hinihintay kita. Ang sabi kasi ng Mommy ko, may ginawa daw partner si God para sa lahat ng tao. Kaya magpapakilala na ako sa iyo. Para hindi ka na maligaw sa paghahanap sa akin. At saka, para pag nagkita tayo, hindi mo ako iiwan.

Mahilig akong magbasa. Marunong na akong maglaba at saka mamalantsa pati na rin maglinis ng bahay. Ngayon, tinuturuan ako ni Mommy na magluto. Favorite ko ang kulay blue at mahilig akong manood ng cartoons. Magaling ako sa Math at Science. Pero hindi ko pa alam kung ano ang gusto ko paglaki ko. Ang sabi ni Mommy, cute daw ako. Ewan ko lang kung pareho iyon sa maganda.

Ikaw, alam kong guwapo ka. Pero kahit hindi ka masyadong guwapo, alam kong mamahalin kita. Iyon kasi ang sabi ni Mommy, mararamdaman ko na lang daw na mahal kita kahit ano ka pa. Pero sana, may sarili kang bahay kahit maliit lang. Ang hirap kasing umupa. Ilang ulit na kaming

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

nagpapalipat-lipat ng bahay ni Mommy. Okay din kung may sasakyan ka para puwede mo akong ipasyal sa mga lugar na gusto kong puntahan. Gusto mo bang makarating sa Disneyland?

Sana, kapag nahanap mo ako, mahal in mo rin ako at huwag mo akong sasaktan. Ayoko kasing umiyak gaya ni Mommy. Saka sana, ako lang ang mahal mo. Okay lang kung mahal mo ang pamilya mo. Mahal ko rin naman si Mommy. Pero huwag lang ibang babae, ha? Huwag kang tutulad sa papa ko. Bad siya kasi sumama siya sa ibang babae. Iniwan niya kami.

Kapag gusto mo na akong hanapin, mag-iingat ka. Marami daw kasing nagkalat na peke. Hindi ko lang alam kung ano'ng ibig sabihin noon.

Hanapin mo ako, ha? Basta, hihintayin kita.

Love,

Meriel Alandre

Itiniklop niyang muli ang sulat at isisilid na lang sa wallet nang matigilan. Muli niya iyong binuklat.

Meriel Alandre...

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

“Just my luck.” It was her!

3

“Darling, itigil mo muna sa tabi. Bibili ako ng cake.”

Giles parked the car. Bumaba si Angelu ng kotse at pumasok sa pastry house. Ito ang latest fling niya. Bigla na lang itong sumulpot sa construction site at pinilit siyang sumama sa birthday party ng pamangkin nito. Wala na siyang nagawa dahil halos kaladkarin na siya nito palabas ng opisina.

Bumaba siya ng sasakyan at sinundan ang babae sa loob. Hinubad niya ang suot na *Diesel* aviator glasses at iginalala ang paningin sa loob ng coffee shop. Silang dalawa lang ni Angelu ang customers.

Bumukas ang isang side door at lumabas ang isang babaeng nakasuot ng chef’s uniform. Nagkatinginan sila, at sa ilang segundong iyon, pakiramdam ni Giles ay sandaling huminto ang ikot ng mundo.

Wala sa sariling lumapit siya sa dalaga. Mabagal na humagod sa kabuuan nito ang kanyang mga mata.

“It’s you,” bulong niya. The woman gasped.

“I-ikaw ’yung...”

Nakangiti siyang tumango. Ang pagkagulat sa

mukha nito ay napalitan ng galit. Nangingkit ang mga mata nito at bago pa siya nakaiwas, lumapat na sa pisngi niya ang isang palad nito. Lumikha ng malakas na lagapak ang sampal nito na gumulat sa tatlo pang tao na naroon.

“Giles!”

Lumapit kaagad sa kanya si Angelu. “Bakit mo sinampal ang boyfriend ko?” galit na tanong nito sa babae. Napaatras naman ang huli. Ito man ay parang nagulat sa ginawang pagsampal sa kanya. Walang salitang nagmamadali itong pumasok sa silid na nilabasan kanina.

“Aba’t...!”

“Let’s go, Angelu,” pigil niya sa kasama na akmang susundan pa ang babae sa loob. “Nakabili ka na ba ng cake?”

“Hmph! Huwag na lang. I’m sure hindi masarap ang mga paninda dito dahil mga bastos ang mga tao,” pasaring nito. Nagkatinginan na lang ang dalawang staff nasa counter.

Minsan pa niyang nilingon ang saradong pinto bago madilim ang mukhang lumabas ng pastry house. Wala siyang imik habang nagmamaneho. Ang isip niya ay na kay Meriel pa rin. Akalain ba niyang ilang

Dear Mr. Right - Doreen Laroya

metro lang pala ang layo nito sa kanya? Hindi na niya kailangang umupa ng private investigator para hanapin ang babae.

He touched his left cheek. Mahapdi pa iyon dahil sa sampal na ibinigay nito.

She slapped him! At sa harap pa mandin ng ibang tao. Wala pang babaeng gumawa ng ganoon sa kanya. At hindi niya palalampasin ang insidenteng iyon.

Excited siyang ngumiti. Revenge would be sweet.

Pagdating sa bahay ng pamangkin ni Angelu ay hinintay lang niyang bumaba ang dalaga.

“Hindi ka ba papasok?”

Umiling siya. “Kailangan kong bumalik sa site.”

Sumimangot ito at humalukipkip. Sa hitsura nito ay walang balak bumaba ng sasakyan.

“Baka naman babalikan mo lang ’yung babaeng nanampal sa iyo?” may himig selos na tanong nito. Hindi na lamang niya iyon pinatulan.

“Babe, I’m really in a hurry.” He leaned and gave her a long kiss. Pagkatapos ay siya na mismo ang nagbukas ng pinto sa gawi nito. “I’ll call you later.”

Matapos siyang irapan ay padabog itong bumaba

ng kotse. Naiiling na pinaandar na niya ang sasakyan at lumiko sa sunod na U-turn slot. Ilang minuto pa'y naroon uli siya sa tapat ng *The Merry Blend*.

“Good after—” Hindi na naituloy ng dalaga sa counter ang pagbati nang mamukhaan siya. Naging mailap ang mga mata nito.

“Nariyan pa ba ang kasama mo?” tanong niya. May pag-aalalang sumulyap ito sa saradong pinto.

Tinawid niya ang mababang swing door nang hindi nagpapaalam dito. Maagap naman itong humarang sa kanya.

“S-Sir, hindi po kayo puwedeng pumasok dito.”

“Look, Miss,” he gazed down on her patiently, “I’m not here to cause any trouble. At lalong ayokong lumikha ng eskandalo dahil nakakahiya sa mga customers ninyo.” Pasimple niyang sinulyapan ang tatlong okupadong mesa. Mukhang nakuha naman nito ang gusto niyang iparating. “I just want to talk to your boss or whoever she is.”

She chewed on her lower lip nervously.

“H-hindi mo siya sasaktan?” mahinang tanong nito.

Pinapungay niya ang mga mata at binigyan ito

ng isa sa mga killer smiles niya.

“Mukha ba akong nananakit ng babae?”

Pangiwi itong ngumiti. Hindi na siya pinigilan nito nang hawakan niya ang seradura.

Nakatayo si Meriel sa gilid ng mesa nang pumasok siya. May hawak itong mga resibo at may tinitingnang record book. Hustong umabante siya nang pasalubong naman itong lumapit.

“Diane, tumawag na ba si—”

Bumunggo ito sa dibdib niya. She would’ve fallen butt first if he hadn’t grabbed her shoulders. Kumalat na sa sahig ang mga papel na hawak nito.

“You!” Lumuhod ito para damputin ang nagkalat na mga resibo. Lumuhod din siya para tulungan ito. “Ano’ng ginagawa mo dito? At saka paano ka nakapasok?”

“Through the door, obviously.”

Her eyes narrowed. Naging mailap ang mga mata nito nang tumayo sila. Para itong daga na naghahanap ng malulusutan para makatakas. Malas lang nito dahil nakaharang siya sa pinto.

He couldn’t help but stare at her lazily. She was

wearing the same white chef's uniform, a pair of black trousers and low-heel leather shoes. Her long, wavy hair was brushed back into a ponytail. Her face was devoid of makeup.

“This area is off-limits to outsiders. You're trespassing and I'm calling the police.”

“Go ahead. Mabuti nga at nang mai-report na rin kita.” Hinaplos niya ang pisngi. “Hmm... puwede na sigurong *serious physical injury* ang ikaso ko sa iyo.”

He was exaggerating and she was buying it... almost. Hindi man nito itinuloy ang pagtawag sa telepono, parang amasona naman itong humarap sa kanya.

“That's absurd! Ni hindi ko nga nagalusan iyang mukha mo.”

“Pero hindi ibig sabihin noon na hindi ako nasaktan.”

“Teka nga muna.” Namaywang ito sa harap niya. Umaalon ang dibdib nito sa inis. He looked at her with amusement. Masarap palang galitin ang dalaga dahil namumula ang buong katawan nito.

“Sa pagkakatanda ko, *ikaw* ang may atraso sa akin. Kaya tama lang sa iyo ang sampal na ibinigay

ko. Kung tutuusin, kulang pa nga iyon.”

“Yung atrasong sinasabi mo, would that be the night you marched inside my cousin’s bar in your wedding dress?”

Lalong lumalim ang pamumula ng mukha nito. Iniiwas nito ang mga mata sa kanya.

“O-oo. Mabuti naman at naalala mo pa.”

“How can I forget?” He answered sarcastically. “Lady, wala akong atraso sa iyo. *Ikaw* ang may utang-na-loob sa akin dahil kung hindi kita nilapitan noong gabing ’yun, siguradong pinagsawaan na ng lalaking iyon ang katawan mo. I just saved your ass from being raped, Miss High and Mighty!”

Nakita niya ang pagkabiglang lumarawan sa mukha ng kausap. Pero sandali lang dahil bumalik ang inis nito.

“Kahit pa, wala ka pa ring karapatan na... na pagsamantalahan ako!” she almost screamed out of frustration.

“Iniisip mo talagang pinagsamantalahan kita?” Tumawa siya. Halos magbuhol na ang mga kilay ng dalaga sa galit. “Lady, I don’t do intoxicated women. There are more than enough sober ones to keep me

satisfied.”

“But... but...”

Meriel was clearly out of words. Paano siyang makakapag-isip nang matino kung nadi-distract siya sa presence ng kaharap? The guy’s definitely smoking hot!

He was casually leaning on the door, with arms folded across his broad chest, eyes roaming lazily up and down her body... she could feel the small shivers and the goosebumps and the wild thumping of her heart. Even if her mind rejected the idea, her body was starting to succumb to his charms.

“But?”

Her only escape was to show him anger.

“P-pero hinubaran mo ako! A-at pagsasamantala na rin ’yun.”

Tumawa na naman ito. At gusto na niyang lumubog sa kinatatayuan. She couldn’t remember that part, really.

“*Ikaw* ang naghubad sa harapan ko. Tinulungan lang kitang kalasin ang tali ng gown mo.”

She gasped. “I... I didn’t!”

“Yes, you did.”

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Nanghihinang umupo siya sa isang stool, tinakpan ng dalawang palad ang mukha at umungol.

“Hey..”

Napatingala si Meriel dahil halos bulong lang ang tinig na narinig niya. Nakalapit ang estranghero sa kanya nang hindi niya namalayan.

“You’re drunk. Hindi mo alam ang ginagawa mo. Besides, you have nothing to be ashamed of. You’re very beautiful.”

Lalo siyang nanliit sa pagkapahiya. Hindi niya ito kilala, pero nakita na nito ang pinakatatago niya. But despite her shame, she couldn’t help but feel flattered. Tinawag siya nitong maganda!

“What do you want from me?” pagalit pa ring tanong niya, ngunit defense mechanism na lamang niya ang gumagana. She was more affected by his nearness than their unfortunate meeting a few weeks ago. The man was totally unnerving.

Sumandal ito sa gilid ng kanyang mesa, masyadong kaswal na para bang ito ang may-ari ng

silid.

“Kung gusto mo ng apology, fine! I’m sorry for slapping you.”

The guy grinned wickedly. Bigla siyang kinabahan.

“Your sorry is not enough, Honey.”

“Ano ba talaga’ng gusto mo?” asik niya. Nagkibit-balikat lang ito.

“I don’t know. What can you offer me other than your apology?”

She knew it was a bait. Hindi siya tanga para hindi mahulaan kung ano ang gusto nito. Pero nunca na ibigay niya rito ang gusto. Ano ito, sinusuwerte?

May idea na pumasok sa isip niya. Lihim siyang napangiti.

“Okay, I’ll bake you a cake.” Her voice was bubbly anyone would never thought they just had an argument moments ago.

Muntik na siyang bumunghalit ng tawa dahil sa shock na rumehistro sa mukha ng kausap.

“Y-you’ll bake me a cake?” Parang nahirapan itong paraanin sa lalamunan ang mga salita.

“Yup! I’m a pastry chef. It’s what I do best.” She smiled at him sweetly. Lumapit siya rito at marahang tinapik-tapik ang pisngi nito.

“Don’t worry, *Honey*,” aniyang ginamit pa ang endearment na ginamit nito sa kanya. “You’ll love my cake.”

His jaws dropped.

Umatras siya at binuksan ang pinto. Pero bago lumabas ay muli niya itong nilingon.

“It’ll take me an hour to make one. P’wede kang maghintay sa labas. P’wede rin namang balikan mo na lang mamaya. Ano’ng flavor nga pala ang gusto mo?” she asked with a smug grin on her face.

Nakangangang nakatitig lang sa kanya ang binata.